



Australian Government



myagedcare

Filipino



Ang iyong gabay sa
patuloy na mga
serbisyo ng
Support at Home



NOBYEMBRE 2025



Maliban sa Commonwealth Coat of Arms at kung saan nabanggit, lahat ng materyal na ipinakita sa dokumentong ito ay ibinigay sa ilalim ng Creative Commons Attributions 4.0 International (**[CreativeCommons.org/Licenses/By/4.0/](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/)**) lisensya.

Ang mga detalye ng mahahalagang mga kundisyon ng lisensya ay makukuha sa website ng Creative Commons, maa-access gamit ang mga link na ibinigay, tulad ng buong legal na code para sa CC BY 4.0 International na lisensya (**[CreativeCommons.org/Licenses/By/4.0/LegalCode](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode)**).

Ang dokumento ay dapat na maiugnay bilang ang Department of Health, Disability and Ageing (Kagawaran ng Kalusugan, Kapansanan at Pagtanda).

Ang iyong gabay sa patuloy na mga serbisyo ng Support at Home.

Makipag-ugnay sa amin

Ang mga katanungan tungkol sa lisensya at anumang paggamit ng dokumentong ito ay malugod na tinatanggap sa pamamagitan ng email sa **Communication.AgedCare@health.gov.au**.

Mahamanap mo ang produktong ito sa **[MyAgedCare.gov.au](https://myagedcare.gov.au)**.

Ang booklet na ito ay idinisenyo upang tulungan ka, ang iyong pamilya o ang iyong mga kaibigan na gumawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa iyong pangangalaga. Bagama't sinubukan naming gawin itong komprehensibo hangga't maaari, maaaring gusto mong humingi ng mas partikular na impormasyon tungkol sa iyong indibidwal na sitwasyon upang makagawa ng matalinong desisyon.

Ang impormasyon ay kasalukuyan mula ika-1 ng Nobyembre 2025.

Tama ba sa iyo ang booklet na ito?

Ipinapaliwanag ng booklet na ito kung paano makakatanggap ng suporta ang mga matatanda sa kanilang tahanan at sa pang-araw-araw na buhay sa pamamagitan ng programang Support at Home.

Dapat mong basahin ang booklet na ito kung inaprubahan ka ng isang tagatasa ng aged care bilang marapat para sa programang Support at Home.

Maaari mo ring ma-access ang mga booklet tungkol sa iba pang mga uri ng suporta sa aged care na nakalista sa ibaba sa **MyAgedCare.gov.au/Resources**.



Tama ba sa iyo ang booklet na ito?

Patuloy na pangangalaga sa bahay

Ang Support at Home program ay nagbibigay ng access sa mga serbisyo sa pangangalaga at suporta, kagamitan at mga pagbabago sa tahanan upang matulungan ang mga matatandang tao na manatiling malusog, aktibo at konektado sa lipunan sa kanilang komunidad.

Ang suporta sa Tahanan ay nagbibigay ng mas mataas na antas ng pangangalaga para sa mga may kumplikadong pangangailangan na nangangailangan ng higit pang tulong upang manatili sa bahay.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang MyAgedCare.gov.au/Support-Home-Program.

Pagpasok na antas (entry-level) na pangangalaga sa bahay

Patuloy o panandaliang pangangalaga at mga serbisyo ng suporta sa pamamagitan ng Commonwealth Home Support Program (CHSP). Makakakuha ka ng tulong sa gawaing bahay, personal na pangangalaga, mga pagkain at paghahanda ng pagkain, transportasyon, pamimili, kaalyadong kalusugan tulad ng physiotherapy at suportang panlipunan. Maaari ka ring mag-aplay para sa nakaplanong pahinga, na nagbibigay ng pahinga sa iyong tagapag-alaga.

Ang CHSP ay magiging bahagi ng programang Suporta sa Tahanan sa 1 Hulyo 2027. Ang CHSP ay magpapatuloy para sa kasalukuyan at bagong mga kliyente na may mababang antas ng mga pangangailangan sa suporta.

Tirahan ng pangangalaga sa matatanda (nursing home)

Personal at nursing care sa mga aged care home kung hindi mo kayang mamuhay nang independiyente sa sarili mong bahay. Kasama rin dito ang residential na pahinga para sa mga maikling pananatili sa isang aged care home.

Restorative Care Pathway

Ang Restorative Care Pathway ay isang panandaliang allied health/nursing focused na pathway bilang bahagi ng Support at Home program. Makakatulong sa iyo ang restorative care para manatiling independiyente nang mas matagal at masusuportahan ka sa paggawa ng mga aktibidad na iyong kinagigiliwan.

End-of-Life Pathway

Sinusuportahan ng End-of-Life Pathway ang mga matatandang tao na na-diagnose na may 3 buwan o mas kaunti pa para mabuhay at gustong manatili sa bahay. Ito ay nilalayon na magbigay ng karagdagang in-home aged care para umakma sa mga available na serbisyo sa ilalim ng state o territory-based na palliative care scheme. Ang daanang (pathway) ito ay bahagi ng Support at Home program.

Mga nilalaman

Ano ang programang Support at Home?	4
Mga gastos sa Support at Home	8
Pathway sa pag-access ng Support at Home	14
1. Tanggapin ang resulta ng assessment sa iyo	15
2. Maghintay na malaanan ng pondo	16
3. Humanap ng Support at Home na provider	17
4. Pumasok sa isang kasunduan	19
5. Pamahalaan ang iyong mga serbisyo	22
Karagdagang tulong	30
Checklist - Humanap ng mga Support at Home provider at alamin ang magagastos	36
Checklist - Pagsisimula ng mga serbisyo	37
Checklist - Pagpapalit ng mga provider	38

Pagpapahusay ng sistema ng pangangalaga sa matatanda ng Australya

Sa nakalipas na ilang taon, ang Pamahalaan ng Australya ay naghatid ng malalaking pagbabago sa pangangalaga sa matatanda bilang tugon sa Royal Commission sa Kalidad at Kaligtasan ng Aged Care. Ang malawak na mga repormang ito ay nagbigay ng positibong pagbabago, nagpapataas ng transparency at pagpapabuti ng kalidad ng pangangalagang ibinibigay sa mga matatandang tao sa Australya.

Ang mataas na kalidad na pangangalaga at suporta ay dapat na naa-access, pipiliin mo man na manatili sa bahay o lumipat sa isang tahanan ng pangangalaga sa matatanda.

Ang *Aged Care Act 2024* ay nagbibigay-daan sa higit pang mga pagpapabuti para sa mga matatandang tao na uma-access sa aged care (pangangalaga sa matatanda). Kabilang dito ang mga regulasyon upang matiyak ang isang mas malakas na sektor ng pangangalaga sa matatanda, upang bigyan ang mga matatanda ng higit na tiwala, kontrol at kumpiyansa sa kanilang pangangalaga sa matatanda.

Makipag-ugnayan sa My Aged Care sa libreng tawag **1800 200 422**, bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au** o bisitahin ang isang service center ng Services Australia

Ano ang programang Support at Home?

Ang programang Support at Home ay nagbibigay ng pangangalagang nakasentro sa tao, magkakaugnay na pangangalaga upang matulungan kang mamuhay nang independiyente sa bahay nang mas matagal. Kabilang dito ang mga patuloy na serbisyo at mga panandaliang pathway.

Kasama sa mga patuloy na serbisyo ng Support at Home ang:

- mga klinikal na suporta, tulad ng mga serbisyo ng nars o occupational therapy
- suporta para sa pagiging independiyente, tulad ng tulong sa personal na pangangalaga (paliligo, pagbibihis, pagpunta sa toilet), pag-inom ng mga gamot, transportasyon o respite care (panghaliling pangangalaga)
- araw-araw na pamumuhay, tulad ng paglilinis, paghahardin, pamimili o paghahanda ng pagkain.

Sa panahon ng pagtasa (assessment) sa iyo para sa aged care, tatalakayin ng iyong tagatasa (assessor) ang iyong kasalukuyang mga pangangailangan sa pangangalaga. Kung naaprubahan ka para sa mga patuloy na serbisyo, bibigyan ka ng isa sa 8 klasipikasyon upang pinakamahusay na matugunan ang iyong mga pangangailangan, pagkatapos ay bibigyan ka ng quarterly budget (pantatlong buwan na badyet). Ikaw at ang iyong provider ay maaaring magtulungan upang



pamahalaan ang badyet na ito at ikoordina ang mga serbisyong kailangan mo.

Sa ilalim ng programang Support at Home, mayroon ding 3 panandaliang mga pathway:

- **Restorative Care Pathway** – makaka-access ng hanggang 16 na linggo ng intensibong suporta ng allied health at/o nursing para matulungan kang magkaroon pa ng lakas at mabawi ang paggana.
- **Ang Assistive Technology and Home Modifications (AT-HM) scheme** – isang pathway upang tulungan kang maka-access sa pantulong na teknolohiya o mga pagbabago sa bahay upang gawing mas ligtas ang iyong bahay at matulungan kang manatiling independiyente. Mayroon itong 3 antas ng pagpopondo at hiwalay sa iyong badyet sa Support at Home.
- **End-of-Life Pathway** – suporta para sa mga taong may 3 buwan o mas kaunti pa upang mabuhay at gustong manatili sa bahay. Isang kabuuang \$25,000 ang magiging available sa bawat marapat na kalahok sa loob ng 12-linggo, na may kabuuang 16 na linggo upang magamit ang mga pondo upang magbigay ng karagdagang kakayahang umangkop para sa mga serbisyo sa aged care sa bahay.

Titingnan ng iyong tagatasa kung marapat ka para sa anumang mga panandaliang pathway sa panahon ng pagtasa sa iyo. Maaari mong hilingin na maka-access sa mga pathway na ito habang tumatanggap ng patuloy na mga serbisyo ng Support at Home, ngunit maaaring hindi mo ma-access ang maraming pathway nang sabay-sabay. Maaari kang magbasa ng higit pa tungkol sa mga panandaliang mga hakbang sa **MyAgedCare.gov.au/Support-Home-Program**.



Saan magagamit ang pondo ng Support at Home?

Sa pagtasa sa iyo para sa aged care, tinitingnan ng tagatasa kung ano ang maaari mong gawin nang mag-isa at kung ano ang maaaring mangailangan ka ng tulong. Maaari mo lamang gastusin ang iyong Support at Home na pondo sa mga bagay na naaprubahan ka batay sa iyong tinasang mga pangangailangan.

Ang mga serbisyo ay nasa 3 pangunahing kategorya:

- **Mga klinikal na suporta:** mga espesyal na serbisyo upang matulungan kang magpanatili o mabawi ang mga kakayahan. Ang mga ito ay inihahatid ng mga akreditadong propesyonal tulad ng mga nars o allied health.
 - **Mga halimbawa ng kasama** – nursing clinical care, exercise physiologists, occupational therapy, physiotherapy, mga binibiling gamit sa pamamahala ng continence.
 - **Hindi kasama** – ang mga serbisyong mas naaangkop na pinondohan sa pamamagitan ng pangunahing sistema ng pangangalagang pangkalusugan tulad ng mga gastos sa ambulansya at ospital, medikal na diyagnosis at paggamot, pagbibigay ng gamot, psychiatry, pangangalaga sa ngipin.
- **Pagiging independiyente:** suporta upang matulungan kang gawin ang mga aktibidad na kailangan upang mabuhay nang nakapag-iisa.
 - **Mga halimbawa ng kasama** – personal na pangangalaga tulad ng paliligo at paggamit ng toilet, pag-access sa mga aktibidad na panlipunan, transportasyon, respite care, teknolohiyang pantulong o mga pagbabago sa bahay upang matulungan kang manatiling independiyente.
 - **Hindi kasama** – mga serbisyo sa pag-aayos ng buhok at pagpapaganda, mga tiket para sa mga atraksyon, mga gastos sa pagpapatakbo ng personal na sasakyan.
- **Araw-araw na pamumuhay:** suporta upang matulungan kang magpanatili ang iyong bahay at manatiling independiyente.
 - **Mga halimbawa ng kasama** – tulong sa bahay gaya ng pangkalahatang paglilinis ng bahay o paglalaba, batayang pagmentena ng bahay, paghahanda ng pagkain o mga paghahatid.
 - **Hindi kasama** – propesyonal na paglilinis o pagmementena tulad ng carpet steaming, pest control, pag-aalaga ng alagang hayop, mga gastos sa grocery o pagkain para sa ibang miyembro ng sambahayan.

Ang listahang ito ay hindi kumpleto. Ang ilang mga serbisyo ay pinondohan o binibigyan ng subsidiy sa pamamagitan ng mga programa ng estado o lokal na pamahalaan at hindi saklaw ng Support at Home.

Binabalangkas ng listahan ng serbisyo ng Support at Home ang mga serbisyong maaari mong ma-access, batay sa iyong tinasang mga pangangailangan: **[Health.gov.au/Support-at-Home-Service-List](https://www.health.gov.au/support-at-home-service-list)**.

Paano ako makakasali sa programang Support at Home?

Kailangan mo ng pagtasa para sa aged care upang makasali sa programang Support at Home, kabilang ang para sa 3 panandaliang pathway.

Kakailanganin mong muling tasahin o magkaroon ng Support Plan Review kung nakatatanggap ka na ng mga patuloy na serbisyo at gusto mong ma-access ang isang panandaliang pathway.

Dapat kang makipag-usap sa iyong provider o sa organisasyon na unang nag-assess sa iyo upang simulan ang prosesong ito.

Sa online

Bisitahin ang website ng My Aged Care sa **MyAgedCare.gov.au** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga assessment at re-assessment.

Bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Apply-Online**.

Sa pamamagitan ng telepono

Tawagan ang My Aged Care para talakayin ang iyong mga pangangailangan sa telepono, sa pagitan ng 8am at 8pm Lunes hanggang Biyernes at 10am hanggang 2pm tuwing Sabado.

Libreng tawag sa **1800 200 422**.

Harapan

Bisitahin ang isang service center ng Services Australia o mag-book sa online para sa isang libreng harapang appointment para sa pangkalahatang impormasyon at suporta.

Para sa malalim na suporta, maaari ka ring makipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer kung mayroon sa iyong lugar, o gamit ang video chat.

Bisitahin ang **ServicesAustralia.gov.au/My-Aged-Care-Face-to-Face-Services** o libreng tawag sa **1800 227 475**.

Mga gastos sa Support at Home

Kailangan mong mag-ambag sa gastos ng ilang mga serbisyo, habang ang ibang mga serbisyo ay walang bayad.

Magkano ang hihilingin sa iyo na iambag ay depende sa iyong kakayahang magbayad batay sa antas ng iyong kita at mga ari-arian. Matutulungan ka ng iyong provider na maunawaan ang iyong mga kontribusyon.

Hihilingin lamang sa iyo na mag-ambag sa mga serbisyong natanggap mo na. Halimbawa, kung nakatanggap ka ng dalawang oras ng personal na pangangalaga, magbabayad ka ng kontribusyon tungo sa kabuuang halaga.

Ang babayaran mo ay depende sa uri ng serbisyong natatanggap mo. Halimbawa, hindi ka hihilingang mag-ambag sa mga serbisyo ng klinikal na suporta tulad ng pag-aalaga ng nurse, ngunit hihilingan kang mag-ambag sa mga pang-araw-araw na serbisyo sa pamumuhay tulad ng paglilinis.

Depende rin ito sa katayuan ng iyong age pension at kung mayroon kang Commonwealth Seniors Health Care Card (CSHC).

Ang listahang ito ay nagbubuod ng karaniwang mga kontribusyon sa Support at Home:

	Klinikal na Suporta	Pagiging independiyente	Araw-araw na Pamumuhay
Lubos na pensiyonado	0%	5%	17.5%
Hindi lubos na pensiyonado	0%	Ang mga part pensioner at mga may hawak ng CSHC ay magbabayad sa pagitan ng 5% at 50% batay sa assessment ng kanilang kita at mga ari-arian. Para sa mga part pensioner, ito ay ibabatay sa kanilang Age Pension means na assessment. Ang mga may hawak ng CSHC ay sasailalim sa isang hiwalay na pagtasa para sa Support at Home.	Ang mga part pensioner at mga may hawak ng CSHC ay magbabayad sa pagitan ng 17.5% at 80% batay sa assessment ng kanilang kita at mga ari-arian. Para sa mga part pensioner, ito ay ibabatay sa kanilang Age Pension means na assessment. Ang mga may hawak ng CSHC ay sasailalim sa isang hiwalay na pagtasa para sa Support at Home.
Self-funded retiree (retiradong nagpopondo ng sarili) (marapat para sa Commonwealth Seniors Health Care Card – CHSC)	0%		
Retiradong pinonduhan ang sarili (self-funded retiree-hindi karapat-dapat para sa Commonwealth Seniors Health Card)	0%	50%	80%

Kung gusto mo ng pagtantiya ng iyong mga malamang na kontribusyon:

- Ang online na tool na 'Fee Estimator' ay maaaring magbigay sa iyo ng pagtantiya ng iyong mga gastos sa aged care **MyAgedCare.gov.au/Support-At-Home-Fee-Estimator**.
- Bisitahin ang isang service center ng Services Australia o mag-book sa online para sa isang libreng harapang appointment para sa pangkalahatang impormasyon at suporta. Para sa malalim na suporta, maaari ka ring makipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer kung mayroon sa iyong lugar, o gamit ang video chat.
Bisitahin ang **ServicesAustralia.gov.au/My-Aged-Care-Face-to-Face-Services** o libreng tawag sa **1800 227 475**.
- Tawagan ang My Aged Care para talakayin ang iyong sitwasyon, libreng tawag sa **1800 200 422** sa pagitan ng 8am at 8pm Lunes hanggang Biyernes at 10am hanggang 2pm tuwing Sabado.

May iba't ibang kaayusan para sa mga taong tumatanggap o naaprubahan ng Home Care Package bago nag-ika-12 ng Setyembre 2024. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Support-At-Home-Costs-And-Contributions**.

Lifetime cap (Panghabambuhay na limitasyon)

Mayroong lifetime cap sa mga kontribusyon. Ibig sabihin, hindi mo na kailangang mag-ambag sa anumang serbisyo ng Support at Home kapag nakapag-ambag ka na ng \$130,000 (na-index). Kahit na lumipat ka sa isang aged care home sa kalaunan, ang anumang mga kontribusyon na binayaran para sa mga serbisyo ng Support at Home ay maibibilang tungo sa cap.

Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa factsheet ng 'Support at Home participant contributions' sa **Health.gov.au/Resources/Publications/Support-At-Home-Program-Participant-Contributions**.

Paano ako makakakuha ng assessment ng kita at mga ari-arian?

Kung mayroon ka nang full o part pension mula sa Services Australia o Department of Veterans' Affairs (DVA), gagamitin nila ang iyong kasalukuyang impormasyon sa kita at ari-arian upang matukoy ang iyong mga kontribusyon. Kakailangan mong tiyakin na ang iyong mga detalye sa pananalapi ay napapanahon bago magsimula ang iyong mga serbisyo sa aged care.

Kung wala kang nakukuhang pension o ikaw ay isang self-funded retiree, ang pagtasa ng iyong kita at ari-arian ang tutukoy sa iyong mga kontribusyon. Kung hindi ka mag-aaplay, maaaring hilingan ka ng iyong provider na bayaran ang maximum na nagastos hanggang sa maabot mo ang lifetime cap.

Kumpirmahin kung dapat mong kumpletuhin ang isang means assessment sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng Services Australia:

ServicesAustralia.gov.au/Aged-Care-Calculation-Your-Cost-Care.

Kung kailangan mo ng tulong upang maunawaan o magkumpleto ang means assessment:

- Libreng pagtawag sa telepono sa Services Australia sa **1800 227 475**, Lunes hanggang Biyernes mula ika- 8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Bisitahin ang isang service center ng Services Australia o mag-book sa online para sa isang libreng harapang appointment para sa pangkalahatang impormasyon at suporta. Para sa malalim na suporta, maaari ka ring makipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer kung mayroon sa iyong lugar, o gamit ang video chat. Bisitahin ang **ServicesAustralia.gov.au/My-Aged-Care-Face-to-Face-Services** o libreng tawag sa **1800 227 475**.

Aabutin ng hindi kukulangin sa 4 na linggo mula sa petsa ng pagsumite mo ng iyong form sa pagtasa ng kita at mga ari-arian upang makatanggap ng sulat tungkol sa iyong mga kontribusyon. Kung hindi ka nakatanggap ng sulat makalipas ang 4 na linggo, maaari kang makipag-ugnayan sa Services Australia sa **1800 227 475** at humiling ng update.

Matapos kalkulahan ng Services Australia ang iyong mga kontribusyon, ikaw at ang iyong provider ay padadalhan ng sulat na may kasamang mga kontribusyon na kailangan mong bayaran. Kung wala ka pang service provider, padadalhan ka ng liham na naglalaman ng pagtasa ng iyong kita at mga ari-arian. Ito ay may bisa sa loob ng 120 araw. Kung hindi ka pipili ng provider o ibibigay mo ito sa kanila sa loob ng panahong ito, kakailanganin mong gumawa ng bagong pagtasa ng kita at mga ari-arian.

Kung hindi ka pa nakakatanggap ng sulat, maaari kang makipag-ugnayan sa Services Australia sa **1800 227 475** at humiling ng update sa katayuan ng assessment sa iyong kita at mga ari-arian.

Kung magbabago ang iyong sitwasyon, dapat mong sabihin ito sa Services Australia sa lalong madaling panahon. Maaaring kailangang iakma ang iyong mga kontribusyon dahil maaaring magbago kung magkano ang babayaran mo para sa iyong mga gastos sa aged care. Bisitahin ang **ServicesAustralia.gov.au/Changes-To-Your-Circumstances-And-Aged-Care-Costs**.

Paano ko babayaran ang aking mga kontribusyon?

Dapat kang makipag-usap sa iyong provider kung paano at kailan mo kailangang magbayad ng anumang mga kontribusyon para sa iyong mga serbisyo. Ang mga ito ay maaaring lingguhan, dalawang linggo o buwan-buwan – o maaari kang humingi sa iyong provider ng isa pang iskedul ng pagbabayad. Dapat ding sabihin sa iyo ng iyong kasunduan sa serbisyo kung paano at kailan mo kailangang magbayad.

Kung hindi mo kayang bayaran ang iyong mga kontribusyon para sa mga kadahilanang hindi mo kontrolado, maaaring maging marapat ka para sa tulong sa paghihirap sa pananalapi. Basahin ang factsheet ng 'Aged Care Hardship' para malaman ang higit pa sa **MyAgedCare.gov.au/Financial-Hardship-Assistance**. Maaari ka ring pumunta sa seksyong *Karagdagang Impormasyon* sa dulo ng booklet na ito.

Impormasyon sa pananalapi at edukasyon

Magandang ideya na humingi ng independiyenteng payo sa pananalapi bago magpasya kung paano babayaran ang iyong aged care. Gayundin, kung ikaw at ang iyong partner ay kailangan ninyong maka-access sa aged care, ang bawat isa sa mga paraan ng inyong pagbabayad ay maaaring makaapekto sa mga babayaran at kontribusyon sa aged care ng isa't isa.

Ang online na tool na 'Fee Estimator' ay maaaring magbigay sa iyo ng pagtantiya ng iyong mga gastos sa aged care
MyAgedCare.gov.au/Support-At-Home-Fee-Estimator.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga babayaran at kontribusyon sa aged care, tumawag nang libre sa **1800 227 475** para mag-book ng appointment sa isang Aged Care Specialist Officer sa mga piling sentro ng serbisyo ng Services Australia kung mayroon sa inyong lugar, o gamit ang video chat.

Maaari ka ring makakuha ng pangunahing impormasyon tungkol sa pamamahala ng iyong pananalapi mula sa Financial Information Service ng Services Australia. Ang libreng serbisyong ito ay makakatulong sa iyo na gumawa ng may-kaalamang mga desisyon tungkol sa pamumuhunan at mga bagay-bagay sa pananalapi para sa iyong mga pangangailangan sa kasalukuyan at sa hinaharap. Bisitahin ang **ServicesAustralia.gov.au/Financial-Information-Service**.

Maaari ko bang ipunin ang aking pondo sa Support at Home? Ano ang mangyayari kung sobra akong gumastos?

Ang iyong patuloy na pagpopondo sa Support at Home ay inilalaan kada tatlong buwan upang gastusin sa iyong mga serbisyo. Magkakaroon ka ng hiwalay na nakalaang pondo para sa anumang pagbabago sa bahay o pantulong na teknolohiya upang matugunan ang mga na-assess na pangangailangan sa pamamagitan ng sistemang AT-HM.

Tutulungan ka ng iyong katuwang sa pangangalaga na subaybayang mabuti ang iyong badyet upang matiyak na saklaw ang lahat ng iyong mga serbisyo. Responsibilidad ng iyong provider na tiyaking hindi sosobra ang iyong paggasta.

Kung hindi mo gagastusin ang lahat ng iyong kasalukuyang badyet sa pagtatapos ng tatlong buwan, hanggang \$1000 o 10% (alinman ang mas malaki) ay madadala sa susunod na tatlong buwan. Ito ay maaaring sumaklaw sa mga pangangailangang hindi naplano o biglang kinailangan. Hindi ito tumutukoy para sa mga uma-access ng mga panandaliang pathway.

Magkano ang sisingilin ng aking provider?

Ang presyo para sa serbisyong Support at Home ay ang buong halaga ng paghahatid ng serbisyong iyon sa iyo. Ito ang kabuuang halaga na sisingilin sa iyong badyet.

Ginagawang madali ng pagpepresyo ng Support at Home para makita nang eksakto kung gaano kalaking pangangalaga ang natanggap mo at kung gaano kalaki ang nagasta sa iyong badyet.

Sisingilin lamang ang iyong badyet para sa mga serbisyong natatanggap mo.

Hindi mo kailangang magbigay ng kontribusyon para sa anumang klinikal na pangangalaga na natatanggap mo, na kinabibilangan ng pamamahala ng pangangalaga (care management).

Ang Services Australia ang maga-assess sa iyo kung magkano ang kailangan mong iambag para sa iba't ibang uri ng mga serbisyo. Tingnan ang seksyong *Magkano ang kailangan kong iambag?* para sa karagdagang impormasyon.

Makikita mo ang mga presyong sinisingil ng provider sa pamamagitan ng pagtingin sa mga ito sa tool na 'Find a provider' sa website ng My Aged Care: **[MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider](https://myagedcare.gov.au/Find-A-Provider)**.

Paano ko malalaman na makatwiran ang aking mga presyo?

Ang isang makatwirang presyo ay sumasalamín sa halagang ginagastos ng iyong provider upang maihatid ang serbisyo sa iyo.

Maaaring kabilang sa presyo ang:

- sahod ng inyong mga manggagawa sa aged care
- pangangasiwa at mga overhead
- transportasyon
- sub-contracting.

Ang kabuuang presyo ay dapat maging makatwiran at makatarungan pa rin.

Hindi ka maaaring singilin ng mga provider ng hiwalay na mga babayaran sa pamamahala o mga gastos sa klinikal na pangangalaga. Dapat din nilang ipaliwanag ang mga presyo sa iyong kasunduan sa serbisyo, kabilang ang kung kailan nagbabago ang mga presyo at bakit. Hindi mo kailangang pumirma sa isang kasunduan kung hindi mo naiintindihan o hindi ka sang-ayon sa kanilang mga presyo, ngunit dapat ay mayroon kang umiiral na kasunduan upang makatanggap ng mga serbisyo ng Support at Home.

Ang listahan ng indikatibong presyo ng Support at Home ay maaari ring makatulong sa iyo na magpasya kung ang mga presyo ng isang provider ay makatwiran: **[Health.gov.au/Resources/Publications/Summary-Of-Indicative-Support-At-Home-Prices](https://www.health.gov.au/resources/publications/Summary-Of-Indicative-Support-At-Home-Prices)**.

Maaari mo ring gamitin ang tool na 'Find a provider' sa website ng My Aged Care upang magsaliksik at maghambing ng mga indibidwal na presyo: **[MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider](https://www.myagedcare.gov.au/Find-A-Provider)**.

Alamin ang higit pa tungkol sa iyong mga karapatan at proteksyon sa *Mga proteksyon ng Consumer para sa mga presyo ng Support at Home – factsheet para sa mga kalahok*: **[Health.gov.au/Resources/Publications/Consumer-Protections-For-Support-At-Home-Prices-Fact-Sheet-For-Participants](https://www.health.gov.au/resources/publications/Consumer-Protections-For-Support-At-Home-Prices-Fact-Sheet-For-Participants)**.

Kung gusto mong magreklamo tungkol sa iyong mga presyo o makakuha ng karagdagang tulong, pumunta sa seksyong *Karagdagang Impormasyon* ng mapagkukunang ito.

Pathway sa pag-access ng Support at Home

Binabalangkas ng seksyong ito ang pinakakaraniwang pathway para sa mga taong na-assess bilang marapat para sa patuloy na mga serbisyo ng Support at Home.

1

Tanggapin ang resulta ng assessment sa iyo

2

Maghintay na malaanan ng pondo

3

Humanap ng Support at Home provider

4

Pumasok sa isang kasunduan

5

Pamahalaan ang iyong mga serbisyo



Sa panahon ng assessment sa iyo, kakausapin ka ng isang assessor tungkol sa iyong mga pangangailangan at makikipagtulungan sa iyo upang bumuo ng isang plano ng suporta. Kasama sa plano ng suporta ang mga detalye tungkol sa iyong mga lakas, hamon, layunin at kagustuhan para sa mga serbisyo.

Pagkatapos ng assessment sa iyo, isang kinatawan sa iyong assessment organisation ang magpapasya kung anong mga serbisyo ang maaari mong ma-access.

Pagkatapos ay makakatanggap ka ng sulat ng Notice of Decision (Paunawa ng Desisyon), na kabibilangan ng mga naaprubahang serbisyo para sa iyo. Maaari kang maaprubahan para sa patuloy na mga serbisyo ng Support at Home, o mga panandaliang serbisyo tulad ng AT-HM scheme o ng Restorative Care Pathway. Kung ikaw ay naaprubahan para sa mga serbisyo, ang iyong plano ng suporta ay kalakip sa iyong sulat.

Kung hindi ka nakatanggap ng Notice of Decision o isang plano ng suporta sa loob ng 4 na linggo, tawagan nang libre ang My Aged Care sa **1800 200 422** o makipag-ugnayan sa iyong organisasyong tagatasa.

Kung kailangang baguhin ang iyong pangangalaga anumang oras, makipag-ugnayan sa My Aged Care o makipag-usap sa iyong provider. Maaaring kailanganin mo ang isang pag-review sa plano ng suporta o isang bagong assessment.

Ang pahina ng 'Receiving your assessment outcome (Pagtanggap ng iyong resulta ng pagtasa)' sa website ng My Aged Care ay may karagdagang impormasyon sa **[MyAgedCare.gov.au/Receiving-Your-Assessment-Outcome](https://myagedcare.gov.au/Receiving-Your-Assessment-Outcome)**.

Paano kung mayroon akong mga alalahanin tungkol sa assessment o resulta?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa resulta ng assessment sa iyo, maaari kang makipag-ugnayan sa organisasyong nagsagawa ng assessment sa iyo. Ang kanilang contact details ay nasa iyong Notice of Decision letter.

Pumunta sa seksyong *Karagdagang Impormasyon* ng mapagkukunang ito upang malaman kung paano ka maaaring humingi ng review o magreklamo tungkol sa assessment sa iyo.

Pagkatapos kang maaprubahan para sa patuloy na mga serbisyo ng Support at Home, maaaring kailanganin mong maghintay na malaanan ng pondo upang simulan ang pagtanggap ng mga serbisyo. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inaasahang oras ng paghihintay, bisitahin ang website ng My Aged Care.

Maaaring gusto mong simulan ang maagang pagsasaliksik ng mga provider, dahil ang iyong ginustong provider ay maaaring walang kakayahang magbigay ng mga serbisyong kailangan mo.

Ang Support at Home Priority System

Mayroong pambansang listahan ng paghihintay (waitlist) na tinatawag na Support at Home Priority System. Awtomatiko kang inilalagay sa sistemang ito kapag naaprubahan ka.

Kung ayaw mo ng pangangalaga kapag na-assess ka, maaari ka pa ring mailagay sa waitlist ngunit mamarkahan ka bilang 'hindi naghahanap ng mga serbisyo' ng iyong assessor. Hindi ka bibigyan ng pondo hangga't hindi mo sinasabi sa kanila.

Maaari mong hilingin na itakda ka bilang 'naghahanap ng mga serbisyo' o 'hindi naghahanap ng mga serbisyo' anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag sa My Aged Care sa librenge tawag **1800 200 422**.

Gaano katagal ako maghihintay?

Ang programang Support at Home ay may mga oras ng paghihintay para magsimula kang makatanggap ng mga patuloy na serbisyo.

Gaano katagal kang maghihintay para magsimulang makatanggap ng mga serbisyo ay nag-iiba depende sa antas ng iyong prayoridad at sa pangangailangan para sa mga serbisyo. Ang 4 na antas ng prayoridad ay agaran, mataas, katamtaman at istandard. Ang iyong antas ng priyoridad ay tinutukoy gamit ang impormasyong nakolekta sa panahon ng assessment ng iyong assessor sa aged care. Kung mas mataas ang antas ng iyong priyoridad, mas kaunting oras ang iyong paghihintay upang simulan ang pagtanggap ng iyong naaprubahang pondo.

Kung magbabago ang iyong mga pangangailangan habang naghihintay kang makatanggap ng mga serbisyo, makipag-ugnayan sa My Aged Care o sa iyong assessment organisation.

Pagkatapos mong matanggap ang liham na nagsasabi sa iyo na nalaanan ka na ng patuloy na pagpopondo, kailangan mong humanap ng provider ng Support at Home na maghahatid ng iyong mga serbisyo.

Mayroon kang 56 na araw mula nang ilaan ang iyong pondo upang humanap ng provider at tanggapin ang iyong puwesto sa pamamagitan ng pagpasok sa isang kasunduan sa serbisyo at pagsisimula ng mga serbisyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa My Aged Care para sa 28-araw na palugit (extension) kung kailangan mo ng karagdagang panahon sa libreng tawag **1800 200 422**.

Kung hindi ka papasok sa isang kasunduan sa serbisyo at magsimula ng mga serbisyo sa loob ng 56 na araw, iurong ang iyong pondo. Kakailanganin mong tawagan ang My Aged Care para muli kang maipasok sa Support at Home Priority System.

Paano ako hahanap ng provider?

Dapat mong pag-isipan kung ano ang mahalaga sa iyo kapag pumipili kung sino ang maghahatid ng iyong mga serbisyo. Halimbawa:

- Mayroon ba silang mga manggagawa na nakapagsasalita ng aking gustong wika?
- Naiintindihan ba nila ang aking mga paniniwalang pangkultura o pangrelihiyon? Matutulungan ba nila akong makilahok sa mga aktibidad sa pangkultura o pangrelihiyon?
- Makikipagtulungan ba sila sa akin upang bumuo ng mga layunin at itaguyod ang aking pagiging independiyente?
- Magkano ang sinisingil nila para sa mga serbisyo?
- Maaari ba akong humingi ng mga partikular na araw o oras para makatanggap ng mga serbisyo? Maaari ko bang piliin kung aling mga manggagawa ang maghahatid ng aking mga serbisyo?
- Aling mga bahagi ng aking pangangalaga ang maaari kong pamahalaan?

Dapat mo ring pag-isipan kung gusto mong maka-access sa mga panandaliang pathway sa malaunan, tulad ng Restorative Care Pathway. Hindi lahat ng provider ay nag-aalok ng mga hakbang na ito, kaya maaaring kailanganin mong magpalit ng mga provider kung gusto mong ma-access ang isang hakbang kasama ng iyong patuloy na mga serbisyo ng Support at Home.

Subukang makipag-usap sa pamilya o mga taong kilala mo na tumatanggap ng mga serbisyo ng Support at Home at humingi sa kanila ng mga rekomendasyon.

Maaari ka ring makipag-usap sa iyong GP, sa lokal na grupong multikultural o sa organisasyong Aborihinal at Torres Strait Islander tungkol sa mga provider na pamilyar sa kanila.

Magagamit mo rin ang tool na 'Find a provider' sa website ng My Aged Care upang magsaliksik at maghambing ng mga provider.

Bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider**.

Mga opsyon sa suporta

Maraming impormasyon ang maaaring pag-usapan sa iyong pakikipagpulong sa isang provider, kaya maaaring makatulong na magsama ka ng taong tagasuporta tulad ng isang miyembro ng pamilya, kaibigan o tagapag-alaga. Maaari kang makipag-usap sa kanya at sa provider kung paano mo gustong masuportahan sa paggawa ng sarili mong mga desisyon, kabilang ang kung paano isasali ang anumang mga suporta sa iyong plano sa pangangalaga.

Ang iyong taong tagasuporta ay maaaring ang iyong rehistradong tagasuporta - mayroon siyang mga tungkulin na dapat niyang panindigan kapag sinusuportahan ka sa paggawa mo ng desisyon.

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong at walang tagapag-alaga o pamilya na susuporta sa iyo, maaari mong ma-access ang libreng programa ng Care Finder. Mga organisasyon ito sa buong Australya na maaaring sumuporta sa iyo para makakuha ng mga serbisyo ng Support at Home o makapasok sa aged care. Bisitahin ang website ng My Aged Care sa **MyAgedCare.gov.au/Help-Care-Finder** o libreng tawag sa **1800 200 422**.

Kung ikaw ay isang mas matandang Aborihinal o Torres Strait Islander, matutulungan ka ng Elder Care Support program para maunawaan ang mga serbisyo ng aged care, dumaan sa proseso ng assessment at pumili ng provider. Maaari din silang tumulong sa pagtataguyod para sa iyo at makipagtulungan sa mga provider upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. Bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Elder-Care-Support-Program**.

Kapag nakapili ka na ng Support at Home provider na pinakamahusay na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan, kakailanganin mong pumasok sa isang kasunduan sa serbisyo sa kanila.

Itinatakda ng kasunduan sa serbisyong ito ang:

- kung paano ibibigay ang iyong mga serbisyo
- kung sino ang magbibigay ng mga ito
- magkano ang mga ito at magkano ang iyong kontribusyon
- iyong mga karapatan at responsibilidad.

Hinihikayat ka naming humingi ng independiyenteng payo tungkol sa iyong kasunduan sa serbisyo, lalo na kung hindi mo ito lubos na nauunawaan.

Ang iyong kasunduan sa serbisyo ay magbabalangkas ng dapat gawin kung gusto mo o ng iyong provider na gumawa ng mga pagbabago gaya ng pag-update ng mga presyo o pagbabago sa mga serbisyong nakukuha mo. Maaaring kailanganin mong sumang-ayon at pumirma sa isang bagong kasunduan sa serbisyo, o maaaring kailanganing ma-assess kang muli kung nagbago ang iyong mga pangangailangan.

Kakailanganin mo ring ibigay sa iyong provider ang assessment ginawa sa iyong kita at mga ari-arian kung mayroon ka nito. Tingnan ang *How do I get an income and assets assessment? (Paano ako makakakuha ng pagtasa ng kita at mga ari-arian?)* na nasa unahan ng booklet na ito para sa karagdagang impormasyon.

Ang iyong mga layunin

Kapag pinag-uusapan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang kaugnay sa pagtanda, pag-isipan kung ano ang iyong mga layunin at kung ano ang pinakamahalaga sa iyo.

Ang pagtukoy sa mga layunin ay tutulong sa iyo na idisenyo ang iyong pangangalaga at mga serbisyo na pinakamahusay na susuporta sa iyong mga pangangailangan. Ang isang layunin ay maaaring ang pagpapanatili ng isang malusog na pamumuhay, pagpapanatili ng mga kasanayan sa pagkilos o pakikilahok sa mga panlipunang aktibidad.

Dapat mo ring isaalang-alang ang iyong mga pangangailangan at kagustuhan. Halimbawa:

- Saan at kailan ko gusto ng suporta?
- Mayroon bang mga panrelihiyong araw o mga gawi na gusto kong gawin?
- Anong suporta ang kailangan ko para manatiling ligtas?
- Anong mga pang-sosyalang aktibidad o libangan ang kailangan kong may suporta?
- Paano ito bumabagay sa tulong na ibinibigay sa akin ng aking tagapag-alaga?

Ang iyong care plan (plano sa pangangalaga)

Ang isang taong nakikipagtulungan sa iyong provider ay makikipagkita sa iyo upang talakayin ang iyong mga pangangailangan, gamit ang iyong plano ng suporta at paunawa ng pagtasa. Ang taong ito ay tinatawag na katuwang sa pangangalaga – susuportahan ka niya upang i-koordina ang mga serbisyo na naaayon sa iyong mga layunin at tutulong sa pamamahala ng iyong badyet. Makakatulong din siya na sagutin ang anumang mga tanong o alalahanin na maaaring mayroon ka.

Kapag ikaw at ang iyong katuwang sa pangangalaga ay nagkasundo tungkol sa iyong mga serbisyo at sa iyong mga layunin o kagustuhan, ito ay idodokumento sa isang plano sa pangangalaga. Ito ay isang dokumentong nakasentro sa tao na nagtatakda ng iyong mga pinili at ang kontrol na mayroon ka sa iyong mga serbisyo, ayon sa iyong mga pangangailangan. Maaaring hilingin ng iyong katuwang sa pangangalaga na makipag-usap sa iyong GP o sa iba pang mga espesyalista para sa karagdagang impormasyon, nang may pahintulot mo.

Ang mga plano sa pangangalaga ay dapat rebyuhin tuwing mga 12 buwan. Maaari kang humiling ng pagrebyu anumang oras – kabilang kung nagbabago ang iyong mga pangangailangan o layunin, kung sisimulan mo ang isang panandaliang pathway o kung gusto mong baguhin ang iyong mga serbisyo. Ipapaalam din sa iyo ng iyong katuwang sa pangangalaga kung kailangan niyang rebyuhin ang iyong plano sa pangangalaga.

Mga buwanang statement

Dapat kang bigyan ng iyong provider ng buwanang statement na nagsasabi sa iyo tungkol sa iyong pondo. Dapat ay kabilangan ito ng anumang available na pondo sa simula ng buwan, naka-itemize na listahan ng naihatid na pangangalaga at mga serbisyo, kasama ang anumang mga produktong nai-deliver, mga kontribusyon sa mga serbisyo/produkto at anumang natitirang pondo sa katapusan ng buwan.

Dapat nilang ibigay ito sa iyo bago matapos ang susunod na buwan. Halimbawa, dapat kang tumanggap ng statement para sa mga serbisyong naihatid noong Enero bago dumating ang katapusan ng Pebrero.

Kinakailangan pa rin ito kahit na pansamantala kang hindi nakakatanggap ng mga serbisyo. Maaari mong itanong sa iyong provider o katuwang sa pangangalaga kung hindi mo naiintindihan kung ano ang ibig sabihin ng statement.

Paano inihahatid ang iyong pangangalaga

Upang matiyak na natatanggap mo ang pinakamahusay na pangangalagang posible, ang lahat ng mga provider ng aged care na pinondohan ng Pamahalaang Australya ay kailangang matugunan ang mga pamantayan ng kalidad.

Ang iyong provider ay dapat magbigay ng pangangalaga na sumusunod sa Mga Pamantayan sa Kalidad ng Aged Care (Aged Care Quality Standards). Malinaw na tinutukoy ng Mga Pamantayan ng Kalidad kung ano dapat ang anyo ng mabuting pangangalaga at ginagawang mas madaling suriin kung ang mga tao ay tumatanggap ng mabuting pangangalaga. Ang Mga Pamantayan ng Kalidad ay sumasalamín sa antas ng pangangalaga at mga serbisyo na maaari mong asahan mula sa iyong provider.

Basahin ang higit pa tungkol sa Aged Care Quality Standards sa website ng Aged Care Quality and Safety Commission sa **AgedCareQuality.gov.au**.



Pagkatapos mong lagdaan ang iyong kasunduan sa serbisyo, maaari nang magsimula ang iyong mga serbisyo ng Support at Home.

Ang mahusay na pamamahala ng pangangalaga ay tumutulong sa iyo na makakuha ng pangangalagang naaangkop at naaayon sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan.

Kung mayroon kang mga patuloy na serbisyo sa ilalim ng Support at Home, 10% ng iyong badyet bawat tatlong buwan ay ginagamit para sa pamamahala ng pangangalaga.

Ang pamamahala ng pangangalaga ay tumutukoy sa mga bagay tulad ng:

- pagpapalano o koordinasyon ng pangangalaga at serbisyo
- pagbuo, pag-review at pagsusuri ng iyong badyet sa pangangalaga
- pagsuporta sa iyo at sa iyong pamilya sa paggawa ng may-kaalamang mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga o mga serbisyo
- pagsuporta sa mga ugnayan sa kalusugan at iba pang mga serbisyo kung kailangan.

Ang iyong katuwang sa pangangalaga kadalasan ay nagsisilbi bilang nakatalagang taong matatawagan para sa iyong provider at nagsasagawa siya ng mga aktibidad sa pamamahala para sa iyo.

Tutulungan ka ng iyong katuwang sa pangangalaga na regular na rebyuhin ang iyong plano sa pangangalaga o kung magbabago ang iyong mga pangangailangan, sitwasyon o mga serbisyo. Halimbawa, maaari siyang tumulong sa pag-aakma ng iyong mga serbisyo makaraan kang maospital o mapinsala, o tumulong sa pag-koordina ng mga serbisyo upang mas mahusay na umangkop sa iyong badyet at mga kagustuhan.

Paano kung gusto kong pamahalaan ang sarili kong pangangalaga?

Kung tumatanggap ka ng patuloy na mga serbisyo ng Support at Home, maaari ka ring mag-self-manage (sariling-pamahala) sa mga bahagi ng iyong pangangalaga. Kailangan mo pa rin ng provider at dapat ay pagkasunduan ninyo kung paano ka magse-self-manage sa iyong pangangalaga o badyet.

Iba't iba ang anyo ng self-management para sa lahat, ngunit maaari itong kabilangan ng:

- pagpili at pag-koordina ng mga serbisyo, ayon sa iyong mga pangangailangan at badyet
- pagpili ng sarili mong mga supplier o manggagawa
- mga serbisyo sa pag-iskedyul at pag-roster ng mga manggagawa
- epektibong pakikipag-usap sa iyong provider at mga manggagawa.

Magkakaiba ang mga aktibidad na gagawin mo depende sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan. Halimbawa, maaari kang magpasya kung aling mga manggagawa ang pupunta sa iyong bahay at kung sino sila, ngunit iro-roster pa rin sila ng iyong provider. O maaari kang magpasya kung aling mga manggagawa ang pupunta sa iyong bahay, kung sino sila, kailan sila darating, ngunit pamamahalaan pa rin ng iyong provider ang pag-claim mula sa Services Australia.

Paano kung gusto kong pumili ng isang manggagawa na hindi nagtatrabaho para sa aking provider?

Kung nagse-self-manage ka sa iyong aged care, maaari mong magamit ang sarili mong mga manggagawa, kabilang ang mga taong hindi nagtatrabaho para sa iyong provider. Ito ay tinatawag na paggamit ng isang third-party worker (ikalong-partidong manggagawa).

Binabago ng *Aged Care Act 2024* kung paano tinatrato ang mga manggagawang ito. Kailangang hirangin ng iyong provider ang manggagawa bilang isang third-party upang maghatid ng mga serbisyo sa iyo. Maaaring gawin ito ng provider nang mag-isa o sa pamamagitan ng isang kaugnay na provider.

Ang iyong provider ay responsable para sa lahat ng mga manggagawa sa aged care na naghahatid ng mga serbisyo sa iyo, kabilang ang mga manggagawang third-party. Dapat tiyakin ng iyong provider na natutugunan ng sinumang manggagawang third-party ang anumang mga kinakailangang kaugnay sa workforce.

Ibig sabihin, hindi lahat ng provider ay maaaring sumuporta sa kaayusang ito, kaya mahalagang pag-isipan ito kapag pumipili ng provider.

Kung interesado kang gumamit ng manggagawang third-party, kausapin ang iyong care partner (katuwang sa pangangalaga) tungkol sa prosesong ito. Ipapaliwanag niya kung ano ang kailangan mong gawin at tutulungan kang magbadyet o magbayad para sa serbisyong ito. Maaaring mangailangan kang magbayad ng mga karagdagang gastos mula sa iyong badyet upang masaklawan ang anumang karagdagang pangangasiwa.

Paano ko ihihinto sandali ang mga serbisyo o paano ako magpapalit ng mga provider?

Maaari mong palitan ang iyong provider ng Support at Home anumang oras at hindi ka maaaring singilin ng anumang bayarin sa paglabas upang gawin ito. Dapat mong sabihan sila nang maaga hangga't maaari, kabilang kung saang provider ka lilipat at ang eksaktong petsa na gusto mong ihinto ang mga serbisyo. Makakatulong ito na maging maayos ang proseso.

Ang iyong badyet at anong mga naaprubahang serbisyo ang ililipat kasama mo sa iyong bagong provider.

Maihihinto mo nang pansamantala ang pagtanggap ng mga serbisyo dahil mao-ospital ka, magbabakasyon o papasok sa residential respite care. Dapat mong sabihin sa iyong provider sa lalong madaling panahon ang iyong mga plano, para hindi ka masingil nang di-sinasadya sa mga serbisyong hindi mo matatanggap.

Kung matagal kang hindi nakakatanggap ng serbisyo, maaaring padalhan ka ng iyong provider ng mga paalala. Kung isang taon (4 na magkakasunod na tatlong buwan) ang nakalipas mula noong katapusan ng huling tatlong buwan na may serbisyong naihatid sa iyo o umalis sa isang provider, iiurong ang iyong pondo at hindi mo ito maa-access.

Kung gusto mong ma-access muli ang pondo, kakailanganin mong tawagan ang My Aged Care at hilingin na palitan ang iyong katayuan at gawing 'naghahanap ng mga serbisyo'. Pagkatapos ay muli kang isasali sa Support at Home Priority System at ang iyong lpuwesto ay ibabatay sa petsa na naaprubahan ka para sa Support at Home. Nangangahulugan ito na hindi mo na kailangang maghintay nang matagal para muling makatanggap ng iyong pondo.

Mga panandaliang pathway

Sa programang Support at Home, may tatlong pathway na nagbibigay sa iyo ng panandaliang suporta upang matugunan ang mga partikular na pangangailangan. Maaari mong talakayin ang mga pathway na ito sa iyong assessor sa oras ng assessment sa iyo o sa iyong provider, kung mayroon ka nito. Sasabihin sa iyo ng assessment ng iyong indibidwal na pangangailangan at paunawa ng assessment kung marapat ka para sa mga pathway na ito.

Ang AT-HM scheme

Ang Assistive Technology and Home Modifications (AT-HM) scheme ay nagbibigay sa iyo ng paunang access sa pondo para sa mga produkto, kagamitan o pagbabago sa bahay upang matugunan ang iyong mga na-assess na pangangailangan. Ang pagtasa ng iyong indibidwal na pangangailangan o pag-review sa plano ng suporta ay magsasabi sa iyo kung magkano ang available na pondo.

Ang ilang mga produkto ay kailangang ireseta sa iyo ng isang kwalipikadong propesyonal, tulad ng mga walking frame o adaptive bathing equipment (naiaakmang kagamitan sa paliligo). Ang iba pang mga produkto ay mas mabuting i-supply na may propesyonal na payo at ang iba naman ay maaaring mga simpleng produkto na hindi nangangailangan ng reseta.

Matutulungan ka ng iyong provider na ayusin ang pagkuha ng reseta, pag-order, pag-install o pagsasanay kung kailangan, at sasabihin sa iyo ang tungkol sa anumang mga gastos na kasangkot at kung paano pamamahalaan ang mga ito. Ang anumang pagsasanay o mga serbisyo ng pagre-reseta ay itinuturing na mga klinikal na gastos, kaya hindi ka maaaring hilingang magbigay ng kontribusyon para sa mga ito.

Sinasaklaw din ng scheme na ito ang mga pagbabago sa bahay gaya ng pagdaragdag ng binagong mga lock ng pinto, non-slip surface o grab bar para gawing mas ligtas at mas madaling ma-access ang iyong bahay.

Ang listahan ng AT-HM ay nagdedetalye kung aling mga produkto ang kasama at hindi kasama, pati na rin kung aling mga produkto ang dapat may reseta. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Assistive-Technology-And-Home-Modifications**.

Ang listahang ito ay may karagdagang detalye tungkol sa mga antas ng pagpopondo:

Antas ng pagpopondo	Llimit sa inilaang pondo	Panahon ng pagpopondo
Pantulong na teknolohiya		
Mababa	\$500	12 buwan
Katamtaman	\$2,000	12 buwan
Mataas	\$15,000 ¹ (nominal)	12 buwan
¹ Maaaring ma-access ng mga kalahok ang teknolohiyang pantulong sa halagang ito, kung makakapagbigay ng reseta at pangangailangan.		
Mga pagbabago sa bahay		
Mababa	\$500	12 buwan
Katamtaman	\$2,000	12 buwan
Mataas	\$15,000	12 buwan ²
² Maaaring palawigin ang pagpopondo para sa karagdagang 12 buwan upang makumpleto ang mga kumplikadong pagbabago sa bahay (24 na buwan sa kabuuan) kung ang katibayan ng progreso ay ibibigay sa Services Australia.		
Iba pang pondo		
Pagpapanatili ng assistance dog (pantulong na aso)	\$2,000 kada taon	Patuloy ³
³ Ang pagpopondo para sa pagpapanatili ng assistance dog ay awtomatikong ilalaan tuwing 12 buwan; gayunpaman, ang pagpopondo ay hindi maaaring maipon o mai-rollover.		

Restorative Care Pathway

Ang Restorative Care Pathway ay nagbibigay ng hanggang 16 na linggo ng mga intensibong serbisyo ng allied health at/o nursing na may \$6,000 na badyet. Idinisenyo ito upang tulungan kang maibalik ang paggana makaraan ang isang insidente o sakit.

Hindi ito aapekto sa iyong patuloy na badyet ng Support at Home o sa mga serbisyo, dahil may hiwalay na badyet ang pathway na ito. Ang mga serbisyo ng restorative care ay dapat nakatuon sa klinikal at kakaiba sa iyong mga serbisyo ng Support at Home.

Kung gusto mong ma-access ang pathway na ito, kakailanganin mo ng pagtasa ng aged care – titingnan nila kung paano makakatulong ang mga masinsinang panandaliang mga serbisyo at ang iyong mga layunin sa paggaling. Pagkatapos, magtatatag ka ng plano ng layunin kasama ang iyong katuwang sa restorative care, na nagbabalangkas ng iyong mga pangangailangan at mga layunin at nagsisilbing plano sa pangangalaga para sa pathway na ito.

Tutulungan ka ng iyong katuwang sa restorative care na bumuo ng exit plan para bumalik sa iyong normal na pangangalaga at matiyak na ang iyong patuloy na plano sa pangangalaga ay naiakma nang naaayon (kung may kaugnayan). Sila ay magbibigay ng pamamahala sa restorative care habang dumadaan ka sa Restorative Care Pathway.

Alamin ang higit pa tungkol sa pathway na ito sa **MyAgedCare.gov.au/Restorative-Care-Pathway**.

End-of-Life Pathway

Susuportahan ng End-of-Life Pathway ang mga kalahok na nadiyagnos na may 3 buwan o mas kaunti upang mabuhay at gustong manatili sa bahay sa pamamagitan ng pagtataas sa antas ng mga serbisyong available.

Isang kabuuang \$25,000 ang magiging available sa bawat marapat na kalahok sa loob ng 12 linggo, na may kabuuang 16 na linggo upang gamitin ang mga pondo upang magbigay ng karagdagang flexibility. Maaaring magamit ng isang kalahok ang isang yugto ng End-of-Life Pathway sa pamamagitan ng programang Support at Home.

Ang End-of-Life Pathway ay available sa mga kalahok na uma-access na sa Support at Home gayundin sa mga matatanda na kasalukuyang hindi nakaka-access sa mga serbisyo sa pamamagitan ng programang Support at Home. Ang pathway na ito ay naglalayong magbigay ng karagdagang mga serbisyong aged care-sa-bahay, tulad ng personal na pangangalaga, tulong sa bahay at pangkalahatang nursing care upang dumagdag sa mga serbisyong makukuha sa ilalim ng mga sistema ng pangangalagang palyatibo sa mga estado at teritoryo.

Ang isang mas matandang tao ay karapat-dapat na ma-access ang End-of-Life Pathway kung natutugunan nila ang mga sumusunod na pamantayan:

- ang isang doktor o nars ay nagbibigay ng tinantyang pag-asa sa buhay na 3 buwan o mas maikli upang mabuhay, at
- score na 40 o mas mababa sa marka ng Australian-modified Karnofsky Performance Status (AKPS), na nagpapakita ng pagkilos at kahinaan (mobility at frailty indicator) na tatasahin ng isang medikal na propesyonal.

Ang End-of-Life Pathway form ay kinakailangang kumpletuhin at isumite bago matasa ang isang kalahok bilang marapat para sa End-of-Life Pathway.

Alamin ang higit pa tungkol sa pathway na ito sa **MyAgedCare.gov.au/End-Life-Pathway**.

Ang iyong mga ligal na karapatan at responsibilidad

Sa ilalim ng *Aged Care Act*, ang iyong mga karapatan ay nasa sentro ng iyong aged care. Kung tumatanggap ka ng mga serbisyo sa aged care, dapat mong asahan na itataguyod ang iyong mga karapatan at matutugunan ang iyong mga kagustuhan, ikaw man ay naninirahan nang independiyente sa bahay o sa residential care.

Statement of Rights (Pahayag ng mga Karapatan)

Kasama sa *Aged Care Act 2024* ang isang Statement of Rights.

Inilalagay ng Statement of Rights ang iyong mga karapatan sa sentro ng iyong aged care – upang makagawa ka ng mga desisyon kung paano at saan ka titira, makakuha ng impormasyon at suporta na kailangan mo, ipaalam ang iyong mga kagustuhan at igalang ang iyong kultura at identidad. Tinitiyak din nito na ang mga nakapaligid sa iyo, kabilang ang iyong pamilya at mga tagapag-alaga, ay hindi lamang tatanggapin kundi iginagalang din ang iyong mga pipiliin.

Magkakaroon ka rin ng karapatang pumili kung sino ang gusto mong sumuporta sa iyo sa paggawa ng mga desisyong ito.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Know-Your-Rights**.

Mga rehistradong tagasuporta

Maaaring gusto mo o kailangan mo ng suporta mula sa ibang tao upang tumulong sa paggawa at pagsasabi ng iyong mga desisyon. Maaari kang magparehistro ng mga tagasuporta upang matulungan kang maunawaan ang impormasyon at ipaalam ang iyong mga nais, kung gusto mong gawin nila ito.

Ang bagong tungkulin ng rehistradong tagasuporta ay pumapalit sa mga kasalukuyang relasyon ng kinatawan ng My Aged Care at gagamitin sa buong sistema ng aged care. Wala kang kailangang gawin kung gusto mong magpatuloy ang iyong mga kasalukuyang kinatawan ng My Aged Care bilang mga rehistradong tagasuporta.

Upang tingnan o i-update ang iyong mga kinatawan o upang mag-opt out, bisitahin ang My Aged Care sa online o libreng tawag sa **1800 200 422**.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Registering-Supporter**.

Mga kaayusan ng hinirang (nominee) para sa mga means assessment

Maaari ka ring humirang ng isang nominee na maaaring magtanong o kumilos sa ngalan mo sa Services Australia o sa Department of Veterans' Affairs (DVA) tungkol sa iyong aged care means assessment.

Ang iyong nominee ay makakatanggap ng impormasyong kaugnay sa iyong mga babayaran, kontribusyon at mga gastos sa akomodasyon at mag-update ng iyong personal na impormasyon sa Services Australia o DVA sa ngalan mo.

- Para sa Services Australia, kumpletuhin ang isang form na 'Authorising a person or organisation to enquire or act on your behalf (SS313)': **ServicesAustralia.gov.au/ss313**.
- Para sa DVA, kumpletuhin ang isang 'Aged Care Request for a nominee for DVA customers (AC019) form': **ServicesAustralia.gov.au/ac019**.

Pagreklamo tungkol sa iyong aged care

Kung mayroon kang alalahanin tungkol sa pangangalaga na tinatanggap mo o ng ibang tao, mahalagang pag-usapan ito. Sa unang pagkakataon, dapat kang makipag-usap sa iyong provider. Sa ilalim ng bagong Aged Care Act, ang lahat ng provider ay kinakailangang magkaroon ng isang umiiral na sistema ng pamamahala ng mga reklamo at proseso.

Kung magsasabi ka ng alalahanin sa iyong provider, dapat silang makinig at tumugon nang mabilis at patas. Kung hindi nila gagawin ito, may karapatan kang iharap ang isyu sa Aged Care Quality and Safety Commission (ang Commission) nang walang takot ng parusa.

Matutulungan ka ng Commission na lutasin ang iyong alalahanin o reklamo. Maaari rin silang magbigay sa iyo ng impormasyon kung paano direktang makikipag-usap sa iyong service provider.

Ligtas at madali ang paglalahad ng alalahanin. Maaari mong piliin na gumawa ng isang reklamong kumpidensyal o walang pagkakakilanlan. Ang pagrereklamo ay hindi 'pagiging mahirap' – makakatulong ito na mapabuti ang kalidad ng pangangalaga at makatulong sa ibang tao na may kaparehong problema.

Maaari kang makipag-ugnayan sa Commission sa ilang paraan:

- Bisitahin ang: **AgedCareQuality.gov.au/Complaints-Concerns**
- Libreng tawag: **1800 951 822**
- Sumulat sa: Aged Care Quality and Safety Commission
GPO Box 9819
[Iyong kabiserang lungsod] [Iyong estado/teritoryo]

Pagtataguyod, impormasyon at suporta

Ang Pamahalaan ng Australya ay lubos na nakikipagtulungan sa mga lupong namumuno at iba pang grupo na kumakatawan at nagtataguyod para sa mga pangangailangan ng mga matatandang tao, kabilang, halimbawa: ang Aged Care Council of Elders, COTA, ang National Aged Care Advisory Council at ang Older Persons Advocacy Network (OPAN).

Pinopondohan ng pamahalaan ang OPAN para maghatid ng National Aged Care Advocacy Program. Ang programang ito ay nagbibigay ng libre, kumpidensyal at independiyenteng impormasyon at suporta sa mga matatandang taong naghahanap o tumatanggap ng aged care na pinondohan ng pamahalaan, sa kanilang mga pamilya o mga tagasuporta.

Matutulungan ka ng mga tagapagtaguyod ng aged care ng OPAN upang:

- maunawaan at gamitin ang iyong mga karapatan sa aged care
- humanap ng mga serbisyo sa aged care na tumutugon sa iyong mga pangangailangan, at
- lutasin ang mga isyu sa iyong provider ng aged care na pinondohan ng pamahalaan.

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin, maaari kang makipag-usap sa isang tagapagtaguyod ng aged care sa pamamagitan ng pagtawag sa **Aged Care Advocacy Line** sa **1800 700 600**. Ikokonekta ka sa organisasyon ng adbokasiya ng aged care sa inyong estado o teritoryo.

Bisitahin ang **OPAN.org.au**.

Karagdagang tulong

Suporta sa pagsasalinwika at interpreter

Para sa mga serbisyo ng pagsasalinwika at interpreter, tumawag sa:

Translating and Interpreting Service (TIS National) – **131 450**, sabihin sa operator ang wikang ginagamit mo at hilingin sa kanila na tawagan ang My Aged Care sa **1800 200 422**.

Para sa mga serbisyo ng interpreter para sa Aborihinal at Torres Strait Islander, tumawag sa:

My Aged Care – **1800 200 422** at humiling ng interpreter.

Tingnan ang listahan ng mga available na wika: MyAgedCare.gov.au/Accessible-All.

Para sa mga serbisyo ng interpreter sa sign language, tumawag sa:

Deaf Connect – **1300 773 803** o mag-email sa Interpreting@DeafConnect.org.au.

Makipag-ugnayan nang maaga upang matiyak na may available na interpreter.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang DeafConnect.org.au.

Kung ikaw ay Bingi, mahina ang pandinig, o may kahirapan sa pananalita o komunikasyon, tumawag sa:

National Relay Service (NRS) sa pamamagitan ng pagpili sa iyong gustong call channel sa NRS website. Kapag napili na, hilingin sa NRS na tawagan ang My Aged Care sa **1800 200 422**.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang AccessHub.gov.au/About-The-NRS.

Suporta para sa dementia

Inaasahan ng Pamahalaang Australya na ang lahat ng aged care provider ay mag-aalok ng mga serbisyong tumutugon sa mga pangangailangan ng mga taong may dementia.

- Ang **National Dementia Support Program** (NDSP) ay nagbibigay ng malawak na hanay ng mga serbisyo ng suporta para sa mga taong may dementia, sa kanilang mga pamilya, tagapag-alaga at mga kinatawan. Ang mga serbisyo ay makukuha sa telepono, online at nang harapan sa buong Australya, at kasama ang impormasyon, edukasyon, pagpapayo, mga aktibidad sa suporta, peer mentoring at payo.

Makipag-ugnayan sa National Dementia Helpline ng Dementia Australia – libreng tawag sa **1800 100 500**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **Health.gov.au/NDSP**.

- Ang **Dementia Behavior Management Advisory Service** (DBMAS) ay nagbibigay ng pang-indibidwal na suporta para sa mga tao kapag ang mga sintomas ng pag-uugali at sikolohikal ng dementia ay nakakaapekto sa pangangalaga o kalidad ng buhay ng isang tao. Ang mga sinanay na consultant ay nagtatrabaho sa anumang lokasyon o kapaligiran upang suportahan ang mga service provider at mga indibidwal na nangangalaga sa mga taong may dementia.

Makipag-ugnayan sa Dementia Support Australia – libreng tawag sa **1800 699 799**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Para sa karagdagang impormasyon sa DBMAS, bisitahin ang **Health.gov.au/DBMAS**.

Para sa karagdagang impormasyon sa suporta sa dementia, bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Living-Memory-Loss-Dementia-Or-Depression**.

Suportang panlipunan

Kung nadarama mong ikaw ay nalulungkot o nakahiwalay sa lipunan, maaari kang humiling ng isang boluntaryo sa pamamagitan ng Aged Care Volunteer Visitors Scheme (ACVVS). Maaaring mag-aplay ang sinumang tumatanggap ng mga serbisyo ng Support at Home o nasa Support at Home Priority System. Ang iyong katuwang sa pangangalaga o provider ay maaari ding tumulong sa iyo na mag-organisa ng isang boluntaryong bisita.

Maaari kang mag-aplay para sa isang boluntaryong bisita dito: **Health.gov.au/Our-Work/Aged-Care-Volunteer-Visitors-Scheme-ACVVS/Request**.

Alamin ang higit pa tungkol sa ACVVS sa website ng Department of Health, Disability and Aging: **Health.gov.au/ACVVS**.

Suporta sa kawalan ng tirahan o hoarding

Available ang suporta sa mga tao na:

- nabubuhay na may hoarding na pag-uugali
- naninirahan sa isang maruming kapaligiran
- na nanganganib mawalan ng tirahan
- hindi nakakatanggap ng mga suporta sa aged care na kailangan nila.

Kabilang sa mga suporta ang:

- pagpapalano ng pangangalaga
- mga pag-ugnay sa mga serbisyo ng suportang espesyalista
- minsanang paglilinis.

Kung ikaw ay tumatanggap ng tulong sa pamamagitan ng care finder program dahil ikaw ay walang tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan, maaari ka ring maging marapat na makapag-access sa mga serbisyo ng Commonwealth Home Support Program.

Makipag-ugnayan sa My Aged Care – libreng tawag sa **1800 200 422** o bumisita sa isang service center ng Services Australia para sa tulong.



Suporta para sa mga taong may magkakaibang pangangailangan

Kinikilala ng Pamahalaang Australya na ang ating lipunan ay magkakaiba-iba at ang mga tao ay may malawak na hanay ng mga karanasan sa buhay.

Maraming available na mga programa at serbisyo upang suportahan ang mga taong may magkakaibang pangangailangan para maka-access sa tulong na kailangan nila. Maaaring mayroong mga natatanging serbisyo sa inyong lugar na partikular na tumutugon sa mga grupo na may mga natatanging pangangailangan. Maaari mong malaman ang higit pa sa pamamagitan ng My Aged Care o sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong aged care assessor.

Dapat isaalang-alang, igalang at suportahan ng mga service provider ang partikular at magkakaiba-ibang mga pangangailangan kapag naghahatid ng pangangalaga at mga serbisyo. Walang service provider ang dapat magdiskrimina sa sinuman, kabilang ang:

- mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander, kabilang ang mga Stolen Generations na mga survivor o nakaligtas dito
- mga beterano o mga nabiyuda ng giyera
- mga tao mula sa magkakaibang pinagmulang kultura, lahi at wika
- mga taong may disbentahang pampinansyal o panlipunan
- mga taong dumaranas ng kawalan ng tirahan o nasa panganib na makaranas ng kawalan ng tirahan
- mga magulang at mga anak na nagkahiwalay dahil sa sapilitang pag-ampon o pagkuha sa kanila
- mga nasa hustong gulang na nakaligtas sa pang-aabusong sekswal ng mga bata sa mga institusyon
- Care Leavers, kabilang ang mga Forgotten Australian at dating mga batang migrante na inilagay sa out-of-home care
- lesbian, gay, bisexual, trans/transgender o intersex o iba pang oryentasyong sekswal o gender diverse o bodily diverse
- mga indibidwal na may kapansanan o may sakit sa pag-iisip
- mga taong neurodivergent
- mga taong bingi, bingi't bulag, may kapansanan sa paningin o mahina ang pandinig
- mga taong naninirahan sa rural, malayo o napakalayong mga lugar.

Tulong na Elder Care Support

Ang mga tauhan ng Elder Care Support ay tumutulong sa mga matatandang Aborihinal at Torres Strait Islander, sa kanilang mga pamilya at tagapag-alaga para maka-access sa mga serbisyo sa aged care upang matugunan ang kanilang mga pisikal at pangkulturang pangangailangan. Ang National Aboriginal Community Controlled Health Organization ay naghahatid ng programang ito sa pamamagitan ng kanilang mga katuwang na organisasyon sa buong bansa.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Elder-Care-Support-Program**.

Tulong mula sa care finder

Ang mga care finder (tagahanap ng pangangalaga) ay tumutulong sa mga matatandang tao na nangangailangan ng masinsinang tulong upang maka-access sa mga serbisyo sa aged care at iba pang mga suporta sa komunidad. Ito ay isang libreng serbisyo para sa mga mahihinang tao na wala nang iba pang makakasupporta sa kanila. Kabilang dito ang mga tao na:

- nahihirapang makipag-usap dahil sa mga problema sa cognitive (pagkatuto at pag-unawa) o sa pagbasa't pagsulat
- nahihirapang unawain ang impormasyon
- ay nag-aatubiling makipag-ugnayan sa aged care o sa pamahalaan
- o nasa hindi ligtas na sitwasyon kung hindi sila tumatanggap ng mga serbisyo.

Bisitahin ang website ng My Aged Care para makita ang listahan ng mga Care Finder sa inyong lugar.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au/Help-Care-Finder**.

Federation of Ethnic Communities' Councils Australia

Ang Federation of Ethnic Communities' Councils Australia (FECCA) ay isang pambansang lupong namumuno (peak body) na kumakatawan sa mga Australyanong mula sa magkakaiba-ibang kultura at wika. Kumikilos ang FECCA upang matiyak na walang maiiwan dahil sa mga hadlang na pangkultura o wika.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **FECCA.org.au**.

Partners in Culturally Appropriate Care (PICAC)

Ang PICAC ay mga organisasyong pang-estado at teritoryo na tumutulong sa mga matatandang tao na may magkakaiba-ibang kultura at wika at sa kanilang mga pamilya upang gumawa ng may-kaalamang mga desisyon tungkol sa kanilang mga pangangailangan sa aged care.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **PICACalliance.org**.

Pagwawakas ng pang-aabuso at pagmaltrato sa mga matatanda

Ang pang-aabuso sa mga matatanda ay hindi kailanman okay. Ang pang-aabuso ay maaaring pisikal, sekswal, sikolohikal o emosyonal, pinansyal o kapabayaan. Nagdudulot ito ng pinsala, pagkabalisa at kawalan ng dignidad at paggalang. Ang pang-aabuso at pagmaltrato sa mga matatanda ay isang paglabag sa mga karapatang pantao.

Kung dumaranas ka ng pang-aabuso, o may kakilala kang maaaring dumaranas ng pang-aabuso, may makukuhang tulong at suporta.

Makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo para sa impormasyon o payo:

- Libreng tawag sa 1800ELDERHelp o sa **1800 353 374**.
- Bisitahin ang **Compass.info** para marami pang malaman.
- Sa isang emergency, tumawag sa **000**.

Suporta para sa mga tagapag-alaga

Ang Carer Gateway ay nagbibigay ng mga pambansang serbisyo at suporta nang harapan, sa telepono at sa online upang matulungan ang iyong tagapag-alaga sa kanyang tungkuling pangangalaga.

- Libreng tawag sa **1800 422 737**, Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8am at 5pm, at piliin ang opsyon 1 para makipag-usap sa iyong lokal na service provider ng Carer Gateway.
- Bisitahin ang **CarerGateway.gov.au** para sa impormasyon, payo at mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Bisitahin ang website ng My Aged Care para sa higit pang mga mapagkukunan ng impormasyon, serbisyo at tagasuportang grupo sa **MyAgedCare.gov.au/For-Carers**.

CHECKLIST

Humanap ng mga Support at Home provider at alamin ang magagastos

Kapag natasa ka na bilang marapat para sa mga serbisyo ng Support at Home, gamitin ang checklist na ito upang humanap ng mga provider at maunawaan kung magkano ang maaaring kailangan mong iambag sa gastos ng iyong pangangalaga.

Pagkatapos ng pagtasa ng iyong mga pangangailangan sa aged care

- ☐ Tatanggap ka ng iyong paunawa ng desisyon kasama ang iyong indibidwal na plano ng suporta.

Gumawa ng maikling listahan ng mga provider sa inyong lokal na lugar

- ☐ Gamitin ang tool na 'Find a provider' sa website ng My Aged Care sa **MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider** o libreng tawag **1800 200 422**.

Kalkulahin ang mga kontribusyon

- ☐ Gamitin ang Support at Home fee estimator sa website ng My Aged Care para tantiyahin ang mga gastos sa **MyAgedCare.gov.au/Support-At-Home-Fee-Estimator**.
- ☐ Kung tumatanggap ka na ng means tested na kabayaranang suporta sa kita, sumangguni sa seksyon sa itaas: 'How do I get an income and assets assessment'? (Paano ako makakakuha ng pagtasa sa kita at mga ari-arian?)
- ☐ Kung hindi ka tumatanggap ng means tested na kabayaranang suporta sa kita, magkumpleto ng pagtasa sa kita at mga ari-arian sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng Services Australia sa **ServicesAustralia.gov.au/Aged-Care-Calculation-Your-Cost-Care**.

Makipag-ugnayan sa mga potensyal na provider at pag-usapan kung ano ang maiaalok nila at kung magkano ang kanilang sinisingil

- ☐ Saan matatagpuan ang provider?
- ☐ Matutugunan ba nila ng anumang mga espesyal na pangangailangan na maaaring mayroon ako - wika, kultura, pagkakaiba-iba?
- ☐ Saan at kailan nila ibibigay ang aking suporta?
- ☐ Sino ang magbibigay ng aking mga serbisyo?
- ☐ Magkano ang pangangalaga at mga serbisyo?
- ☐ Maaari ko bang ma-self-manage ang mga bahagi ng aking mga serbisyo?
- ☐ Anong mga pagsusuri ang kinukumpleto nila upang matiyak ang kalidad ng serbisyo?

Pumasok sa isang kasunduan sa serbisyo sa iyong napiling provider

* Kung ikaw ay tumatanggap ng means tested income support payment, ang impormasyong ito ay hawak na ng Services Australia/DVA kaya hindi mo na kailangang humiling ng pagtasa ng kita at ari-arian. Kung hindi pa hawak ang impormasyong ito at pinili mong huwag ipatasa ang iyong kita, hihilingan kang magbigay ng pinakamataas na kontribusyon.

CHECKLIST

Pagsisimula ng mga serbisyo

Pagkatapos mong matanggap ang iyong liham ng paglalaan ng pondo, maaari kang pumasok sa isang kasunduan sa serbisyo sa isang provider ng Support at Home at simulan ang mga serbisyo.

Gamitin ang listahan ng dapat gawin na ito upang gabayan ka sa prosesong ito.

Tatanggap ka ng iyong sulat na naglalaan ng iyong pondo sa Support at Home

Makipag-ugnayan sa ginustong provider

- ☐ Kumuha ng kopya ng iyong indibidwal na plano ng suporta at ng iyong paunawa ng desisyon.
- ☐ Kumuha ng kopya ng mga resulta ng pagtasa ng iyong kita.
Tandaan: Kung hindi ka pa nakapagkumpleto ang pagtasa ng kita, magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng Services Australia sa **ServicesAustralia.gov.au/Aged-Care-Calculation-Your-Cost-Care**.
- ☐ Kunin ang anumang nauugnay na mga medical record.

Pumasok sa iyong kasunduan sa serbisyo

- ☐ Sumang-ayon sa iyong mga serbisyo at presyo.
- ☐ Sumang-ayon kung kailan magsisimula ang iyong mga serbisyo.
- ☐ Lagdaan ang iyong kasunduan sa serbisyo.

Simulan at pamahalaan ang iyong mga serbisyo

- ☐ Bumuo ng plano sa pangangalaga at rebyuhin kung kailangan upang matiyak na natutugunan pa rin nito ang iyong mga pangangailangan.
- ☐ Bumuo ng isang indibidwal na badyet.
- ☐ Kung magbabago ang iyong mga pangangailangan, talakayin ang mga ito sa iyong provider o sa care partner.

CHECKLIST

Pagpapalit ng mga provider

Maaari mong palitan ang iyong Support at Home provider anumang oras, para sa anumang dahilan – nang walang bayad.

Gamitin ang listahan ng dapat gawin na ito upang gabayan ka sa proseso ng pagpapalit ng mga provider.

Basahin ang iyong kasalukuyang kasunduan sa serbisyo

- ☐ Unawain ang anumang mga kundisyon.

Magsimulang humanap ng mga bagong provider sa inyong lokal na lugar

- ☐ Gamitin ang tool na 'Find a provider' sa website ng My Aged Care sa **MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider** o libheng tawag sa **1800 200 422**.

Magpasya sa isang angkop na provider at tingnan kung maihahatid nila ang mga serbisyong kailangan mo sa loob ng iyong badyet

Sumang-ayon sa petsa ng pagtatapos para sa mga serbisyo sa iyong kasalukuyang provider

Tandaan: dapat mong bigyan ang dati mong provider ng eksaktong petsa ng paglabas. Kapaki-pakinabang din para sa iyong dati at bagong provider na malaman kung sino ang dati mong ginamit at ang eksaktong petsa ng pagpasok/paglabas.

Makipagkasunduan sa serbisyo sa iyong bagong provider

- ☐ Makipagtulungan sa iyong provider upang pamahalaan ang iyong badyet.
- ☐ Sumang-ayon sa petsa ng pagsisimula sa iyong bagong provider.
Tandaan: ito ay dapat makalipas ang petsa ng pagtatapos ng mga serbisyo sa kasalukuyan mong provider.
- ☐ Pumasok sa iyong bagong kasunduan sa serbisyo.

Ibigay sa kasalukuyan mong provider ang mga detalye ng iyong bagong provider sa lalong madaling panahon upang mapamahalaan nila ang paglilipat ng iyong badyet.

Tandaan: dapat itong mangyari sa loob ng 28 araw ng iyong napagkasunduang petsa ng pagtatapos.





MyAgedCare.gov.au
1800 200 422

DT0004901-1025

Ang lahat ng impormasyon sa lathalaing ito ay tama mula ika-1 ng Nobyembre 2025.